

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang Kasulatan na ating pamantayan sa matuwid na pamumuhay. Ipanalangin na mas malinaw mong marinig ang Kanyang tinig sa pamamagitan ng Kanyang Salita.
- Hingin sa Diyos na higit pa Niyang ipakita ang Kanyang sarili sa iyo sa pamamagitan ng Kasulatan. Ipanalangin na mas maunawaan mo ang Kanyang Salita habang patuloy mo itong binabasa.
- Ipanalangin na, habang ikaw ay namumuhay ng naayon sa Salita ng Diyos, magkaroon ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang Kanyang Salita sa iyong mga kapamilya at kaibigan.

## NOTES

---



---



---



---



---



---

## WORDVIEW

## Pamantayan

## WARM-UP

- Ilarawan ang isang libro o pelikula na nagustuhan mo. Bakit mo nasabing “mahusay” ito?
- Magkuwento tungkol sa isang tao na tinitingala mo. Bakit siya ang napili mo?
- Anong patakaran sa eskwelahan ang nahihirapan (o kaya ay nahirapan) kang sundin? Bakit?

## WORD

<sup>14</sup>Ngunit ikaw, magpatuloy ka sa mga bagay na natutunan mo at pinanaligan, dahil alam mo kung kanino mo ito natutunan. <sup>15</sup>Mula pa sa pagkabata, alam mo na ang Banal na Kasulatan, na nakapagbibigay sa iyo ng karunungan tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.

**2 TIMOTEO 3:14,15**

(Basahin din ang **LUCAS 24:27,44,45.**)

Ang “panuntunan” ay nangangahulugang “batas” o “kagamitang panukat.” Ito ang pamantayan na ginagamit para sa lahat. Hinikayat ni Pablo si Timoteo na *magpatuloy sa mga bagay na natutunan [niya] at pinanaligan, dahil alam [niya] kung kanino [niya] ito natutunan.* Ang mga katuruan sa Kasulatan ay maingat na pinag-isipan nang may pagsasa-alang-alang sa mga sinabi at kung sino ang nagsabi nito. Kailangan silang isa-ayon sa pamantayan ng Kautusan at mga Propeta (ang Lumang Tipan), at sa katuruan ni Jesus, upang makita ng mga Kristiyano kung ang mga ito ay totoo o hindi (Lucas 24:27,44). Gaya nito, ang paraan natin ng pamumuhay ay dapat na iniaayon sa panuntunan ng Salita. Kakayanin nating mamuhay ng may kabanalan sa pamamagitan lamang ng pagninilay-nilay sa Kasulatan. Tignan natin kung paanong ang Kasulatan ay isang panuntunan para sa atin.

## 1 Ang Kasulatan ay Salita ng Diyos.

*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos . . .* **2 TIMOTEO 3:16**

Hinimok ni Pablo si Timoteo na huwag kalimutan ang Banal na Kasulatan na itinuro sa kanya noong siya ay bata pa, at na huwag tularan ang *masasama at manlililalang* (2 Timoteo 3:13). Ang pamantayan na ibinigay ni Pablo kay Timoteo ay ang Kasulatan, na isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa ang Kasulatan ay ang Salita ng Diyos, ito ang pamantayan sa pamumuhay ng lahat nang sumusunod sa Kanya. Ano ang sinasabi ng 2 Timoteo 3:15 tungkol sa ginagawa sa atin ng Salita ng Diyos?

---

---

## 2 Ang Kasulatan ay itinatag ng Diyos.

*At ipinaliwanag sa kanila ni Jesus ang lahat ng nakasulat sa Kasulatan tungkol sa kanya, mula sa mga isinulat ni Moises hanggang sa mga isinulat ng mga propeta.* **LUCAS 24:27**

Ang mga aklat sa Bibliya na mayroon tayo ngayon ay hindi lamang basta-bastang pinili at pinagsama-sama sa isang libro. Ginamit ni Jesus si Moises at ang lahat ng mga propeta upang ipaliwanag sa Kanyang mga disipulo kung paanong ang lahat ng mga utos, kasaysayan, at propesiya ay tumutukoy sa Kanyang dakilang kuwento ng kaligtasan. Ito ngayon ang tinatawag nating Lumang Tipan. Ang natitira sa Kasulatan ay ang Bagong Tipan, na itinatag, kinilala, at inipon sa pamamagitan ng buhay at katuruan ni Jesus at mga katuruan ng Kanyang mga apostol. Ano ang sinasabi ng Mga Salmo 119:89 tungkol sa Salita ng Diyos?

---

---

## 3 Ang Kasulatan ay pamantayan ng katotohanan at kabanalan.

<sup>16</sup>*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay,* <sup>17</sup>*para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos.*

**2 TIMOTEO 3:16,17**

(Basahin din ang **MGA SALMO 119:160.**)

Ang lahat ng Kasulatan ay isinulat at itinatag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Inilarawan ni Pablo ang Kasulatan bilang kapakipakinabang sa *pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay*. Ito ang pamantayang sinusundan natin upang mamuhay nang may katuwiran. Sa ating pagbabasa, pagninilay-nilay, at pagsunod sa Salita ng Diyos, tayo ay nagiging *handa para sa lahat ng mabubuting gawa* (2 Timoteo 3:17). Bakit tinawag ni Pablo ang Kasulatan na kapakipakinabang? Bakit natin ito dapat na isapamuhay?

---

---

## APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang Salita ng Diyos bilang kuwento ng Kanyang pagligtas sa atin? Humanap ng isang tao na makakatulong sa iyo upang maintindihan ang Kanyang dakilang plano ng kaligtasan para sa atin sa Kasulatan.
- Agad-agad ka bang nagbabasa ng Salita ng Diyos bilang pamantayan ng pamumuhay anuman ang sitwasyong iyong kinakaharap? Paano mo ito matututunan na laging gawin?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nagtatanong sa iyo tungkol sa pamumuhay ayon sa Salita ng Diyos? Paano mo sila maiimbitahan na magbasa at mag-aral ng Salita ngayong linggo?